# "BAHALA NA ANG PANGINOON": PAGPAPAUBAYA SA DIYOS BILANG TUGON NG MGA PILIPINO SA GITNA NG PAGDURUSA

SANTOS, Lester Jean C.
lcsantos10@up.edu.ph

*Department of Philosophy*
*College of Social Sciences and Philosophy*
*University of the Philippines – Diliman*

**Abstrak:**

Inugat na ng relihiyon at pananampalataya ang mga prinsipyo, kaugalian, at paniniwala ng mga Pilipino. Kalaunan, ang mga prinsipyong ito ang bumubuo sa ating kultura na siyang humuhubog sa ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Nais suriin ng papel na ito ang penomenon ng pagpapaubaya sa Diyos bilang isang uri ng pagtingin sa buhay at isang eksistensyal na tugon ng mga Pilipino sa gitna ng mga pagsubok sa buhay. Ang pagpapaubaya sa Diyos ay isang uri ng pananampalataya, katumbas ng pagsusuko ng mga problema o bagay na hindi kayang maintindihan, partikular na ng mga suliraning hindi kayang lutasin sa ganan ng sarili lamang. Una, tatalakayin ng papel na ito kung paano isinasabuhay ang pagpapaubaya sa Diyos sa araw-araw na danas ng mga Pilipino. Susunod, ipapakita ng papel na ito ang kaugnayan ng *Augustinian theodicy* at Katolisismo sa paghubog ng ganitong uri ng pananampalataya. Isasakonteksto ng papel na ito ang konsepto ng *leap of faith* o *qualitative leap* ni Søren Kierkegaard upang ipakita na ang ganitong uri ng pananampalataya ay isang paraan ng paglaban ng mga Pilipino sa kawalan ng saysay ng buhay at pagtanggap sa limitasyon ng kakayahan ng tao. Iminumungkahi ng papel na ito na hindi ganap na maipapaliwanag ng rasyonalidad ang ganitong uri ng pananampalataya bilang gabay sa pag-iral, pamumuhay, at karanasan ng mga Pilipino. Sa pangkalahatan, nais mag-ambag ng papel na ito sa Pilosopiyang Pilipino, kung saan malaki ang bahagi ng karanasan sa pag-uugat, paghuhulma, at pagpapakahulugan ng kamalayang Pilipino.

**Mga Susing Salita:** pagpapaubaya sa Diyos, pananampalataya, *leap of faith,* Katolisismo

# Introduksyon

Sa gitna ng unos ng kasaysayan—mula sa mga bagyo, lindol, pandemya, at iba't ibang mga sakunang dumaan sa ating buhay—malimit nating naririnig ang mga katagang "Ipagpasa-Diyos na lang natin" o kaya "Bahala na ang Panginoon." Sa unang tingin, maaaring sabihin na ito ay simpleng pahayag ng pagsuko sa buhay, subalit sa mas malalim na pagsusuri, ang mga katagang ito ay may kaugnayan sa mga kaugalian at pananaw ng mga Pilipino hinggil sa buhay at kapalaran. Bago pa man tayo sakupin ng mga Kastila noong ika-16 na siglo, mayabong na ang relihiyosong paniniwala at espiritwalidad ng ating mga ninuno tulad ng *animismo* o ang paniniwala sa kapangyarihan ng kalikasan at espiritu.[1] Sa pagdating ng mga Kastila, ipinakilala nila ang Katolisismo at sapilitang ipinalaganap ito sa iba't ibang bahagi ng bansa sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga istruktura ng ating panlipunan. Sa kasalukuyan, naitala nitong 2023 na 78.8% o mahigit 85 milyong Pilipino ay Katoliko.[2] Hindi maikakaila na malalim ang impluwensiya ng Katolisismo sa ating lipunan, sapagkat ito ay inugat na ng ating masalimuot na kasaysayan. Dahil dito, naging isang mahalagang katangian ng mga Pilipino ang pagiging tapat na mananampalataya sa kakayahan at kagustuhan ng Diyos sa buhay ng isang tao. Interesanteng balikan ang katagang "Bahala na ang Panginoon" sapagkat ito ay isang malinaw na manipestasyon ng pananampalataya; isang uri ng pagtitiwala na maibsan ang mga problema sa pamamagitan ng pagpapaubaya ng mga ito sa Diyos.

Nais suriin ng papel na ito ang penomenon ng pagpapaubaya sa Diyos bilang isang uri ng pagtingin sa buhay at isang eksistensyal na tugon ng mga Pilipino sa gitna ng pagdurusa sa buhay. Sa unang bahagi, ipapakita ng papel na ito kung paano isinasabuhay ng mga Pilipino ang konsepto ng pagpapaubaya sa Diyos sa araw-araw na danas. Kasama sa unang bahagi ang diskusyon ng papel ukol sa komplikadong aspeto ng pagdurusa o *social suffering* sa lipunang Pilipino. Susunod, ipapakita ng papel na ito ang kaugnayan ng *Augustinian theodicy* at doktrinang Katoliko sa paghubog ng ganitong uri ng pananampalataya. Isasakonteksto ng papel na ito ang pilosopiya ni Søren Kierkegaard ukol sa *leap of faith* o *qualitative leap* upang maipaliwanag na ang pagpapaubaya sa Diyos ay isang paraan ng mga Pilipino upang labanan

---

[1] Chloe Foor, "Deconstructing Folk Catholicism: Combating Catholic Hegemony during the Philippines' Colonial Era," *The Nonviolence Project,* May 22, 2023, https://thenonviolenceproject.wisc.edu/2023/05/22/deconstructing-folk-catholicism/.

[2] MJ Salcedo, "'78.8% ng populasyon sa PH ay Katoliko' - PSA," *Balita,* February 23, 2023, https://balita.mb.com.ph/2023/02/23/78-8-ng-populasyon-sa-ph-ay-katoliko-psa/.

ang kawalan ng saysay ng buhay at tanggapin ang limitasyon sa kakanyahan ng tao. Panghuli, maglalagom ang papel na ito ukol sa papel ng pagpapaubaya sa Diyos sa paghuhulma ng karanasan at pagpapakahulugan ng kamalayang Pilipino.

## Pagpapaubaya sa Danas ng Lipunang Pilipino

Isa sa mga interesanteng salita sa wikang Filipino ay ang salitang *pagpapaubaya*. Sa konteksto ng pagmamahalan at pag-iibigan, madalas itong nagkakaroon ng negatibong konotasyon. Halimbawa, kapag hindi ka nagustuhan ng iyong *crush*, maaaring mong sabihin na, "*Crush*, pinapaubaya na kita," na nangangahulugang isusuko mo na ang iyong damdamin at hahayaan mo na siyang lumayo. Sa Ingles, ito ay maaaring isalin bilang *letting go*, subalit hindi sapat ang simpleng pagsasalin upang mahukay ang lalim ng kahulugan ng salitang pagpapaubaya, sapagkat nagbabago ito batay sa konteksto; malalim ang pagkakaugat ng salitang ito sa danas ng mga Pilipino. Maaari ring iugnay ang salitang pagpapaubaya sa katagang "Bahala na." Tila may negatibong konotasyon ang katagang nabanggit sa ating konteksto sapagkat maaari na lamang tanggapin ng tao ang kawalang-katiyakan at saysay sa kaniyang sitwasyon—isang anyo ng *fatalism*. Ngunit nais ipabatid ng papel na ito na mas malalim ang kahulugan ng pagpapaubaya sa konteksto ng pananampalataya sa Diyos. Sa konteksto ng relihiyon, ang kahulugang kinakabit sa salitang pagpapaubaya ay ang pagsusuko ng mga problema o mga bagay na hindi kayang unawain o lutasin ng isang tao sa sarili lamang.[3] Ito ang nais bigyang-pansin ng papel sapagkat ito ay pagkilala sa hangganan ng kakayahan ng tao at mulat na pagsandig sa kapangyarihan at kalooban ng Diyos; hindi lamang pagiging balintiyak o *passive* sa mga nangyayari.

Isa sa mga dahilan kung bakit mayabong ang paggamit ng salitang pagpapaubaya ay ang kakayahan nitong magsilbing daluyan sa pagpapahayag ng damdamin, lalo na sa panahon ng pagdurusa. Mahalaga munang kilalanin na ang pagdurusa ay una at higit sa lahat ay isang personal na karanasan. Bawat tao ay may kaniya-kaniyang dalahin sa buhay mula sa pagkawala ng mahal sa buhay, pagkabigo, pagkakasakit, o ang matagal na pakikibaka sa kahirapan na hindi palaging ganap na nauunawaan ng iba. Ito ay isang panloob na karanasan ng kirot o pagkalito na madalas ay hindi kayang ipaliwanag sa simpleng salita. Tinitignan din sa lente ng agham

---

[3] Defend the Catholic Faith, "ANG MABUTING BALITA ARAW-ARAW: "Pagpapaubaya sa Diyos," January 14, 2021, https://www.dcfvanguards.com/ang-mabuting-balita-araw-araw-pagpapaubaya-sa-diyos/.

panlipunan ang pagdurusa bilang isang masalimuot na karanasan dahilan ng mga istruktura, sistema, at *power dynamics* ng ating lipunan.[4] Ayon kina Wilkinson at Kleinman, ang pagdurusa ay nagdudulot ng matinding pisikal at mental na pasakit sa isang tao na siyang nakakaapekto sa kalidad ng kaniyang pamumuhay.[5] Sa lipunang Pilipino, talamak ang kabulukan ng ating sistema na siyang nagpapalala ng mga isyung panlipunang dinaranas ng mga Pilipino: talamak ang kahirapan, limitado ang *access* sa edukasyon, mahal ang pagpapagamot, laganap ang korapsyon, at patuloy ang paghihirap ng mga mamamayan.[6] Mahalagang bigyang-pansin ang pagdurusa sapagkat hindi na lamang ito nananatiling pansarili, ngunit ito ay nagiging panlipunang problema; mayroong *social* na aspeto ang pagdurusa. Sa katunayan, ang personal at panlipunang pagdurusa ay hindi kayang lubusan na isalarawan ng wika sapagkat sa maraming pagkakataon, ang sakit ay nananahan sa katahimikan. Sa panahong ito, kumakapit ang mga tao sa pananampalataya hindi para maunawan ang pagdurusang dinaranas, kundi maibsan ang mga ito sa pamamagitan ng pag-asa at pagtitiwala sa magagawa ng Diyos.

## Puwersa ng Pananampalataya sa Gitna ng Pagdurusa

Dahil masalimuot na karanasan ang pagdurusa, malaki ang puwersa ng pananampalataya sa pagbibigay ng ginhawa at pag-asa sa gitna ng pagdurusa ng mga Pilipino. Una, mahalagang malaman na itinuturo ng Katolisismo na ang bunsod ng pagdurusa ay dahil sa kasamaan o *evil.* Ayon kay San Agustin ng Hipona, ang kasamaan o *evil* ay nag-ugat sa maling paggamit ng tao sa kaniyang malayang kalooban o *free will.*[7] Ang pagpasok ng kasamaan sa daigdig ay karaniwang ipinapaliwanag bilang bunga ng kasalanang orihinal (*original sin*), at ang patuloy na presensya nito ay dulot ng maling paggamit ng tao sa malayang kalooban at ng makasalanang hilig o pita ng laman (*concupiscence*).[8] Hindi itinuturo ng Simbahan na agad nawawala ang pagdurusa,

---

[4] Ian Wilkinson and Arthur Kleinman, *Introduction. In A Passion for Society: How We Think about Human Suffering* (Oakland, CA: University of California Press, 2016), 8.

[5] Ibid., 3.

[6] Asian Development Bank, *Poverty in the Philippines: Causes, Constraints and Opportunities* (Mandaluyong City, Philippines: Asian Development Bank, 2009), 3.

[7] Augustine, *Enchiridion: On Faith, Hope, and Love,* trans. Albert Outler (Dallas: Southern Methodist University Press, 1955), §30.

[8] Catholic Church, *Katesismo ng Iglesia Katolika* (Manila: Roman Catholic Archdiocese of Manila, 1996), §405.

ngunit sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos, matututo ang tao na dalhin ang bigat ng kaniyang pagsubok. Upang maibsan ang pagdurusa sa mundo, itinuturo ng Simbahan ang kahalagahan ng pagtitiwala sa magagawa ng Diyos. Sa katunayan, maraming sipi sa *Katesismo ng Iglesia Katolika* ang nagbibigay-paliwanag ukol sa kasamaan, pagdurusa, at pag-asa. Ayon sa sipi ng libro:

> Ang pag-asa ay birtud teologal na sa pamamagitan nito hinahangad natin ang kaharian ng langit at ng buhay na walang hanggan bilang kaligayahan natin, taglay *ang pananalig sa mga pangako ni Cristo at sa tulong ng espiritu santo, at di sa ating sariling lakas* (idinagdag ang pagbibigay-diin).[9]

Dahil ang pagdurusa ay nananaig sa gitna ng katahimikan ng isang tao, ito ay pribado at komplikado. Pinipili na lamang ng tao na kimkimin ang kaniyang pagdurusa sapagkat ang pagdurusa ay isang karanasang hindi kayang ipaliwanag ng sarili lamang. Ayon sa pananaw ng ibang mga social scientist, mas lugmok ang pagdurusang dinaranas ng isang tao kapag siya ay tahimik dahil ang pagdurusa ay nananaig sa katahimikan.[10] Dito papasok ang tungkulin ng pananampalataya sa Diyos: ang pananampalataya ay nagiging daluyan ng pag-asa kapag tila masyadong mabigat na ang pagdurusa, at wala nang kalinawan pa para umasa sa magagawa ng sarili. Hindi sa lahat ng oras ay kayang maikwento ng isang tao ang kaniyang pagdurusa, ngunit tinuturo ng Simbahan na alam ng Diyos ang kaibuturan ng puso at isip ng tao; kasama rito ang pagdurusa.

## Paano Ipinapakita ang Pananampalataya sa Gitna ng Pagdurusa

Naipapakita ng tao ang kaniyang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin sa Kaniya. Halimbawa na lamang kung may nararanasang kabalisahan o matinding pag-aalala, pagkabalisa, o pag-iisip sa mga bagay na hindi pa nangyayari o wala sa kontrol mo. Sinasabi sa 1 Pedro 5:7 (Magandang Balita Biblia) na, "Ipagkatiwala ninyo sa Kaniya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo." Sa panalangin, isinasalaysay ng mga tao ang kaniyang mga pasasalamat, pasanin, sakit, at pangangailangan sa Diyos. Mahalaga ang papel ng panalangin sa pagsasabuhay ng pananampalataya sa Diyos

---

[9] Ibid., §1817.

[10] Wilkson and Kleinman, *Introduction,* 7.

sapagkat dito malayang nakapagbubukas ng puso ang tao ukol sa kaniyang mga nais ihiling sa Diyos, o sa kontemporaryong termino, tinatawag natin itong *safe space.*[11] Pagkatapos mailabas ng tao ang kaniyang pagkabalisa o pagdurusa, maaari itong magbunga ng gaan sa pakiramdam, kalinawan sa isip, at kapayapaan sa puso. Hindi man mawawala agad ang problema, ngunit nabibigyan ng panibagong lakas ang tao upang matapang na harapin ang mga ito dahil may katiyakan na hindi siya nag-iisa sa kaniyang paglalakbay; kasama niya ang Diyos.

Sa mas malalim na pagsusuri, nagiging pagtingin sa buhay ang pagpapaubaya sa Diyos sapagkat dahan-dahan niyang hinuhubog ang kaniyang sarili sa pananaw na ang buhay ay hindi lamang dumadaloy sa kaniyang sariling mga kamay, kundi sa kalooban din ng Diyos. Dahil dito, nagiging eksistensyal na disposisyon ang pananampalataya: yayakapin ang pagtanggap sa kaniyang mga limitasyon at sabay hahawakan ang pag-asa sa mas mataas na plano ng Diyos. Kung ipapaubaya ng isang tao ang kaniyang pagdurusa sa Diyos, nagiging matatag siya sa kaniyang buhay habang binibigkis ang mga pagsubok dahil may tiwala siya na giginhawa rin ang lahat. Nais pang himukin ng papel na ito na ang katagang "Bahala na ang Panginoon" ay hindi lamang balintiyak o *passive* na pagtingin sa mga pagdurusa, kundi kasama rito ang pagkilos sa kung ano ang kaya niyang kontrolin nang may lakas na loob habang tinatanggap niyang hindi lahat ng bagay ay kaya niyang maintindihan at kontrolin. Kaya ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapaubaya sa Diyos ay isang aktibo; may kasamang kilos at gawa sa mga bagay na kayang kontrolin.

## Mga Danas ng Pagdurusa at Papel ng Pananampalataya

Mayabong ang mga halimbawa ng danas ng pagdurusa at papel ng pananampalataya sa lipunang Pilipino. Halimbawa na rito ay ang pagdurusa dahilan ng pagkabigo ng sarili matapos bumagsak sa isang pagsusulit sa klase. Maaaring pagkatapos mong makuha ang iyong *exam score* o marka ay makaramdam ka ng matinding lungkot at pagkabalisa. Ngunit kung ikaw ay may pananampalataya, idadaing mo sa Diyos ang iyong pagdurusa hanggang maibsan ang iyong pakiramdam. Pagkatapos ng pagninilay-nilay at pananalangin, hindi ka na lamang *papetiks-petiks* sa iyong pag-aaral, bagkus ikaw ay magrerebyu at mag-aaral upang maipasa ang susunod na pagsusulit. Kasabay ng pag-aaral sa pagsusulit ay ang pagpapaubaya sa Diyos na

[11] Okailey Afroso, "In My Opinion: The Comfort In Faith," *Grant Magazine,* April 1, 2022, https://grantmagazine.com/22317/december-2021-issue/in-my-opinion-the-comfort-in-faith/.

Siya na ang bahalang gumabay sa iyo sa susunod mong pagsusulit. Sa ganitong paraan, may kumpiyansa ka hindi lamang dahil sa iyong sariling paghahanda, kundi dahil din sa iyong pananampalatayang hindi ka pababayaan ng Diyos. Kaya sa pananampalataya, natututo ang tao na pagsamahin ang sariling pagsisikap at ang pananabik sa biyaya ng Diyos hindi bilang dalawang magkaibang daan, kundi bilang dalawang aspeto ng iisang paglakad sa buhay.

Dumako naman tayo sa pagdurusang naranasan na ng lahat: ang mawalan ng mahal sa buhay. Kapag nawalan ng mahal sa buhay ang isang tao, bumabalot ang kalungkutan sa pang-araw-araw niyang karanasan. Ika nga nila sa Ingles, *"Only people who are capable of loving strongly can also suffer great sorrow."* Sa sandaling ito, hinaharap ng tao ang isang malinaw na sitwasyong mapagtatanto ang limitasyon ng pansariling kakayahan; hindi niya kayang buhayin ang nawala, at hindi niya kayang maunawaan ang dahilan ng pagkawala. Ngunit dito mas lalong naisasabuhay ang pagpapaubaya sa Diyos sapagkat itinitiwala niya ang hindi maunawang pagkawala ng isang tao sa mas mataas na layunin ng Diyos. Susubukan niyang tanggapin na sa kabila ng hindi maipaliwanag na pagdurusa ay may kahulugan itong hindi pa lubos na mauunawaan habang sariwa pa ang kalungkutan.

Dahil kasama rin sa diskusyon ang pagdurusa bilang isang panlipunang problema, mayroong kolektibong aspeto ang sakit na dulot ng kawalan ng katarungan sa ating lipunan. Isa na rito ay ang mga Pilipinong nakikibaka laban sa matinding kahirapan at kawalang-bisa ng ating pamahalaan. Dahil patuloy pa rin ang kawalan ng katarungan sa ating lipunan, ang pagdurusa ay nagiging alalahanin hinggil sa moralidad ng ating mga namumuno. Saad nina Wilkinson at Kleinmann na ang panlipunang pagdurusa ay isang mahalagang isyu na nagbubunsod ng moral na diskurso hinggil sa mga gastos na ipinapataw sa tao ng ating mga kaayusang panlipunan, organisasyong pang-ekonomiya, pagpapahalagang kultural, at mga pamamaraan ng pamamahala.[12] Sa harap ng ganitong uri ng panlipunang pagdurusa, hindi tahimik at balintiyak ang pagtanggap sa kawalan ng katarungan, bagkus ang aktibong pananampalataya ay pagtitiwala sa Diyos na gagabayan sila sa pakikibaka laban sa kawalan ng katarungan.

Sa katunayan, may mga pag-aaral ukol sa pananampalatayang Katoliko at *faith-driven activism.* Ilan sa mga kaganapang aktibo ang simbahan sa pagtaguyod ng katarungan ay ang pagkondena sa korapsyon ng rehimeng Joseph "Erap" Estrada, kasuklam-suklam na diktadurang Ferdinand Marcos, *charter change* ng rehimeng Fidel Ramos, at pagsama sa mga *mobilization*

[12] Wilkson and Kleinman, *Introduction,* 3.

*efforts* kontra korapsyon, *political dynasties,* at pagkawala ng demokrasya sa ating bansa.[13] Marami pang mga halimbawa na namamayagpag ang paglaban ng simbahan sa kawalan ng katarungan, at ang mga halimbawang ito ay nagpapakita ng tapang at determinasyon tungo sa paghakbang laban sa katiwalian. Ipinapakita na ang pananampalataya ay aktibo at nagsisilbing inspirasyon upang maibsan ang takot sa pagsasalita at pagpoprotesta ukol sa katarungan; kasama ang Diyos sa laban na ito.

## Leap of Faith at Pananampalatayang Pilipino

Hinggil sa teoryang batnayan na aspeto ng pananampalatayang Pilipino sa gitna ng pagdurusa, maaari itong maunawaan bilang isang malikhaing halimbawa ng *qualitative leap* o *leap of faith* mula sa lente ni Søren Kierkegaard. Ngunit bago ako magpatuloy, mahalagang unawain na gagamit ako ng eksistensyalismong pananaw ukol sa pananampalataya at pagdurusa sapagkat ang karanasan ng tao at paghahanap ng kahulugan sa buhay ang ginagalugad ng eksistensyalismo. At ang pagdurusa, bilang isang masalimuot na karanasan ay nakaaapekto sa kalidad ng karanasan ng isang tao. Bukod pa rito, ang pananampalataya ay makabalighuan at nagsisimula sa sarili: kailangang harapin ng tao ang buhay at makipagbaka sa gitna ng kawalang-katiyakan at pagkabalisa sa buhay upang makahanap ng kahulugan at makabuo ng matibay na kaugnayan sa Diyos. Saad ni Kierkegaard mula sa akda niyang *Fear and Trembling* (1843):

> Ang kabalyero ng pananampalataya ay itinatalaga lamang sa kaniyang sarili: nararamdaman niya ang kirot ng hindi niya maipaliwanag ang sarili sa iba, ngunit wala siyang walang kabuluhang pagnanais na turuan sila. Ang kirot na ito ang kaniyang katiyakan…Hindi niya lubos na nauunawaan kung ano ang nakataya: na kung sakaling may ibang indibidwal na tatahak sa parehong landas, kailangan nitong sa ganap ding paraan ay maging isang natatanging indibidwal, at hindi niya kailangan ang patnubay ng iba—lalo na kung ito'y ipipilit lamang sa kaniya. Muli, dito, mayroong isang pagtalon palayo: hindi makakayanan ang pagiging martir sa gitna ng hindi pagkaunawa, kaya pinipili na lamang nila—na mas maginhawa—ang paghanga ng mundo sa kahusayan.[14]

---

[13] Roberto Rivera, S.J., "Philippine Catholicism as Disruptive Public Religion: A Sociological Analysis of Philippine Catholic Bishops' Statements, 1946 to 2000," *Philippine Sociological Review* 58, (2010): 81-91, https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Sociological%20Review/2010/Philippine%20Catholicism%20as%20Disruptive%20Public%20Religion.pdf; Mong Palatino, "Churches, Protests, and Policymaking in the Philippines," *The Diplomat,* January 28, 2025, https://thediplomat.com/2025/01/churches-protests-and-policymaking-in-the-philippines/.

[14] Søren Kierkegaard, *Fear and Trembling,* original: "The knight of faith is assigned solely to himself: he feels the pain that he cannot make himself understood by others, but he feels no vain desire to try to instruct others. The pain

Sa mga siping ito, inilarawan ni Kierkegaard ang kabalyero ng pananampalataya o *knight of faith* sa isang indibidwal na sa kabila ng sakit na hindi nauunawaan ng ibang tao, hindi niya tinangkang ipilit na ipaliwanag ang sakit na ito sa iba. Bagkus, ang pananampalataya niya ay nakaangkla sa isang tahimik at malumanay na pagtitiwala sa Diyos. Kuhang kuha ng sipi na ito ang katangian ng pagdurusa sapagkat ang pagdurusa ay masalimuot na karanasan na hindi kayang ilarawan ng ibang tao, maski ng ating wika. Dagdag pa, ang *leap* o pagtalon sa gitna ng kawalan ng katiyakan ay hindi nakabatay sa anumang lohikal na basehan, kundi ang pagtalon ay nakabatay sa matibay na pananampalataya sa Diyos kahit mahirap unawain ang gagawing pagtalon. Tunay na naipapakita ang pagtalon na ito sa pananampalatayang Pilipino sapagkat ang pagpapaubaya sa Diyos ay ang pagpapasya na ipagpatuloy ang buhay at ang tapang na ipagpatuloy ang buhay ay isang pagtalon kahit hindi ka tiyak sa mangyayari. Ito ang tugon ng mga Pilipino upang labanan ang kawalan ng saysay ng buhay: ang pagpapaubaya sa magagawa ng Diyos habang patuloy na pinipiling mabuhay at harapin ang agos ng buhay.

Mahalagang bigyang-diin na ang konsepto ni Kierkegaard ng *leap of faith* ay lumitaw mula sa kaniyang kritika sa rasyonalismo at sa kaniyang pagbibigay-diin sa subhetibong karanasan (*subjective experience*). Ayon sa kaniya, ang rasyonalismo, na naglalayong unawain ang mundo gamit ang dahilan at ebidensyang empirikal, ay hindi lubos na makakasaklaw sa kompleksidad at lalim ng pag-iral ng tao.[15] Naniniwala siya na ang subhetibong karanasan, kabilang ang emosyon, intuwisyon, at pananampalataya, ay may mahalagang papel sa pag-unawa at paggabay sa buhay. Dito maiaangkop ang *leap of faith* sa karanasang Pilipino. Sa kulturang Pilipino, ang ating buhay ay hindi lamang nakabatay sa lohikal na pag-iisip, kundi ito ay nakasentro sa ating pakikiramdam, pakikipagkapwa, pananampalataya, at pagninilay sa sarili.[16]

---

is his assurance…He does not comprehend at all what is at stake: that insofar as another individual is to go the same way, he must, in completely the same way, become the single individual and then he does not need anyone's guidance, least of all from some- one who would force it upon him. Here again, one leaps away, one cannot endure the martyrdom of unintelligibility, and in place of this they choose—conveniently enough—worldly admiration of mastery."

[15] Matthew Roskowski, "Absurdity and the Leap of Faith," *MINDS@UW* (2013): 21, https://minds.wisconsin.edu/bitstream/handle/1793/66395/RoskowskiMatthew.pdf?sequence=1.

[16] Melba Maggay, *Understanding Ambiguity in Filipino Communication Patterns* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1999), 1.

## Kontra-Argumento at Ibang mga Konsiderasyon

Ang pagpapaubaya sa Diyos bilang isang pagtingin sa buhay at tugon laban sa kawalan ng saysay ay hindi perpekto; mayroon itong mga kritisismo na maaaring magpawala ng bisa sa ganitong uri ng pananampalataya. Nais sagutin ng papel na ito ang dalawang kritisismo na 1) inilahad ni Jean-Paul Sartre sa kaniyang *bad faith argument,* at 2) ang posibilidad na pagsamantalahan at manipulahin ng mga taong nasa kapangyarihan ang pananampalatayang Pilipino. Para makilala ang pagkakaiba ng dalawang kritisismong ito, ang unang kritisismo ay hinggil sa posibilidad na ang katagang "Bahala na ang Panginoon" ay maaaring gamitin para iwasan ang pananagutan sa sarili niyang kapalaran. Halimbawa, sa halip na magsikap para sa katarungan o magsumikap sa pag-aaral, basta na lamang iaasa ang lahat sa Diyos; hindi na siya kikilos. Ang ikalawang kritisismo naman ay ang posibilidad na manipulahin ang pananampalatayang Pilipino upang mapakinabangan ito ng mga naghaharing uri. Halimbawa rito ay ang ideolohiyal at politikal na makinarya ng mga tumatakbong politiko na maka-Diyos na kadalasang sinasamantala ang paniniwala ng mga Pilipino upang mahikayat na iboto sila. Susubukang sagutin ng papel ang mga kritisismong ito.

Inilahad ni Sartre sa kaniyang *bad faith argument* ang pag-iwas ng tao sa kaniyang kalayaan at responsibilidad sa pamamagitan ng pagpapasa ng pananagutan sa mga puwersang labas sa kaniyang sarili gaya ng tadhana, kapalaran, o iba pang panlabas na dahilan *(external factors)*. Ginamit niya ang halimbawa ng isang *waiter* sa *café*. Ang kilos ng *waiter* na ito ay nakabatay sa mga tuntunin o *norm* ng lipunan kung paano ba dapat kumilos ang isang *waiter*: laging nakangiti, nakapokus sa pag-intindi sa kostumer, at diretso ang paglalakad na parang siya ay isang makina na basta sumusunod sa inaasahan sa kaniya ng lipunan.[17] Sa kaniyang mga kilos, ipinapakita niyang tinatanggihan niya ang mas malalim niyang kalayaan at pinipiling magpakahon sa papel na kaniyang ginagampanan. Ika nga ni Sartre:

> Ang sinusubukan kong maisakatuparan ay ang pagiging-para-sa-sarili ng isang waiter sa café, na para bang hindi ko kapangyarihan ang magpasya ukol sa kahalagahan at pangangailangan ng aking mga tungkulin at karapatan sa aking posisyon—na para bang hindi ko malayang pinili ang bumangon tuwing alas-singko ng umaga o manatili sa higaan kahit pa nangangahulugang mawalan ako ng trabaho. Na para bang sa mismong pagpapatuloy ko ng papel na ito sa pag-iral, ay hindi ko ito nalalampasan sa bawat panig;

[17] Jean-Paul Sartre, Being and Nothingness, trans. Hazel Barnes (New York: Washington Square Press, 1993), 59.

> na para bang hindi ko kinakatawan ang aking sarili bilang isang higit pa sa aking kasalukuyang kalagayan.[18]

Sa siping ito, ipinapakita ni Sartre na ang *bad faith* ay ang pagtatangkang tratuhin ang sarili na para bang isang ganap na bagay o entidad na walang kalayaan. Maaaring ganito rin ang magiging kahihinatnan ng pagpapaubaya o ang katagang “Bahala na.” Tulad ng *waiter* na itinatanggi ang kaniyang malayang pagkilos na hindi nakakahon sa mga tuntunin o *norms*, ang pagsambitla ng “Bahala na” ay maaaring magpakita ng pagtatanggi sa sariling responsibilidad sa harap ng mahihirap na sitwasyon lalo na ng pagdurusa. Sa halip na aktibong kumilos at pasanin ang bigat ng pagpapasya, iniaasa ng isang tao ang resulta sa isang puwersang panlabas, animo ay wala siyang bahagi sa paghubog ng sariling kinabukasan.

Mahalaga ang punto ni Sartre rito sapagkat gusto niyang galugarin na mayroon tayong kalayaan na kumilos batay sa ating mga hangarin. Upang sagutin ang kritisismong ito, nililinaw ng papel na hindi lahat ng paggamit ng “Bahala na” ay kailangang ituring na *bad faith* lalo na sa konteksto ng pananampalatayang Pilipino. Ang “Bahala na” at pagpapaubaya sa Diyos ay matapang na pagtanggap sa hamon ng mundo at patuloy ang pagkilos upang mapabuti ang kalidad ng kaniyang karanasan. Kumbaga, kasanggi ang pananampalataya sa pagkilos ng mga Pilipino upang magkaroon ng kumpyansa sa pamamagitan ng gabay ng Diyos.

Sa ikalawang kritisismo, dahil talamak ngayon ang paggamit ng ideolohiya bilang isang politikal na makinarya ng mga kandidato tuwing eleksyon, maaaring manipulahin ang pananampalatayang Pilipino upang mapakinabangan nila ito. Dahil sa malalim na ugat ng pananampalataya sa kulturang Pilipino, ginagamit na kasangkapan ang pagiging relihiyoso sa politika, lalo na ng mga kandidatong “nagpapakitang-tao” ng kabanalan upang mahikayat ang tiwala at suporta ng mga tao.[19] Sa mga *faith-driven campaigns,* maaaring sabihin ng mga politiko na sila ay pinili ng Diyos o tagapagpatupad ng kalooban ng langit (tulad ni Apollo Quiboloy),

---

[18] Sartre, *Being and Nothingness,* original: “What I attempt to realize is a being-in-itself of the cafe waiter, as if it were not just in my power to confer their value and their urgency upon my duties and the rights of my position, as if it were not my free choice to get up each morning at five o'clock or to remain in bed, even though it meant getting fired. As if from the very fact that I sustain this role in existence I did not transcend it on every side, as if I did not constitute myself as one beyond my condition.”

[19] Noel Asiones and Orlando Cantillon, “[OPINION] Is religion in Philippine politics a problem or part of the solution?,” *Rappler,* April 3, 2022, https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-religion-philippine-politics-problem-solution/.

anupa't sinasamantala nila ang natural na disposisyon ng mga tao na umasa at magtiwala sa Diyos sa gitna ng kanilang pagdurusa—sabik ang mga tao sa pagbabago.

Bagaman maaaring baluktutin ng mga mapanlinlang ang pananampalatayang Pilipino, hindi nito pinapahiwatig na ang pananampalataya mismo ang problema. Sa halip, ang kritisismo ay nagmumula sa maling paggamit ng pananampalataya para sa pansariling interes ng mga lider. Bilang sagot sa kritisismo, mahalagang ihiwalay ang *ethos* ng tunay na pananampalataya mula sa *political exploitation* nito. Sa tradisyon ng pananampalatayang tinuturo ng Katolisismo, ang pananampalataya ay hindi lang naman ukol sa pansariling kabutihan, kundi ay para sa lipunan din. Tulad ng mga naunang halimbawa sa papel, aktibo ang mga lider at paring-katoliko sa pagkondena ng kawalan ng katarungan sa bansa. At ang pananampalataya, bilang isang aktibong paggawa at pagtitiwala sa Diyos ay maaaring makatulong sa pagiging kritikal at mapanuri sa paligid. Dahil ang ating lipunan ay pinapaandar ng mga birtud tulad ng pakikiramdam, pakikipagkapwa, at iba pa, maaaring magtulungan ang mga Pilipino sa pamamagitan ng mga diskusyon hinggil sa tama at kritikal na pagboto—at sa mas malaking konteksto, maging aktibo sa pagtataguyod ng katarungan at kapayapaan.[20] Ang tamang pananampalataya, samakatuwid, ay hindi bulag na pagtanggap, kundi isang may kamalayang pagpapaubaya sa Diyos kasabay ng pananagutan sa kapwa at sa lipunan. At ang Simbahan, bilang tagahubog ng ganitong uri ng pananampalataya, ay may napakahalagang papel.

## Pagwawakas at Paglalagom

Sa papel na ito, sinuri ko ang penomenon ng pagpapaubaya sa Diyos bilang isang uri ng pagtingin sa buhay at isang eksistensyal na tugon ng mga Pilipino sa gitna ng pagdurusa sa buhay. Ang pagdurusa ay isang masalimuot na karanasan na nakaaapekto sa kalidad ng pamumuhay ng tao na hindi kayang isalarawan ng wika kaya namamayagpag ito sa ganid ng katahimikan. Higit pa rito, tinalakay ng papel ang pagdurusa bilang isang panlipunang problema dahilan ng mga istruktura ng lipunan na nagpapalubha ng kawalan ng katarungan. Dahil mahirap isalarawan ang pagdurusang nararanasan ng tao, ang tugon ng mga Pilipino ay ang pagpapalalim ng kaugnayan sa Diyos sa tulong ng pananampalataya. Ang pagpapaubaya o pananampalataya sa

---

[20] Jose Clemente et al., "Revisiting the Kapwa Theory: Applying Alternative Methodologies and Gaining New Insights," *Philippine Journal of Psychology* 41, no. 2 (2008): 3, https://www.researchgate.net/publication/326589382_Revisiting_the_Kapwa_Theory_Applying_Alternative_Methodologies_and_Gaining_New_Insights.

magagawa ng Diyos ang magsisilbing gabay ng mga Pilipino upang harapin ang pagdurusa at patuloy na makipagbaka sa magulong sanlibutan na ito. Hindi lamang ito basta pagsuko sa mga problema sa buhay, bagkus ito ay ang aktibong pagpili na mamuhay at makipagsapalaran sa gitna ng kawalan ng katiyakan. Bagaman hindi masyadong nabibigyan ng pansin ng akademya ang pananampalataya bilang isang akademikong paksa, mahalaga ang papel nito sa paghulma ng karanasan at kamalayang Pilipino. Sa harap ng ating mapait na agos ng kasaysayan, naging kanlungan na natin ang pananampalataya bago pa man dumating ang mga nanakop sa atin; kinalakihan na natin ang pagtanggap sa limitasyon sa magagawa ng sarili.[21] Ito ang humubog sa ating kaugnayan sa sarili, kaugnayan sa kapwa, at kaugnayan sa Diyos. Dahil sa pananampalataya, ang pakikipagbaka ng mga Pilipino ay hindi lamang nakakahon sa lipunang ibabaw, kundi sa mga bagay na hindi nakikita. Hamon sa akademya, lalo na sa mga pilosopo ng akademikong batnayan, na pag-aralan ang danas ng mga Pilipino at magbigay ng mga abot-kamay na rekursong magtataguyod sa kamalayang Pilipino at Pilosopiyang Pilipino.

[21] Chloe Foor, "Deconstructing Folk Catholicism: Combating Catholic Hegemony during the Philippines' Colonial Era," *The Nonviolence Project,* May 22, 2023, https://thenonviolenceproject.wisc.edu/2023/05/22/deconstructing-folk-catholicism/.

**Sanggunian**


Afroso, Okailey. "In My Opinion: The Comfort In Faith." *Grant Magazine,* April 1, 2022. https://grantmagazine.com/22317/december-2021-issue/in-my-opinion-the-comfort-in-faith/.

Asian Development Bank. *Poverty in the Philippines: Causes, Constraints and Opportunities.* Mandaluyong City: Asian Development Bank, 2009.

Asiones, Noel and Orlando Cantillon. "[OPINION] Is religion in Philippine politics a problem or part of the solution?." *Rappler,* April 3, 2022. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-religion-philippine-politics-problem-solution/.

Augustine, *Enchiridion: On Faith, Hope, and Love.* Translated by Albert Outler. Dallas: Southern Methodist University Press, 1955.

Catholic Church. *Katesismo ng Iglesia Katolika.* Manila: Roman Catholic Archdiocese of Manila, 1996.

Clemente, Jose, Delia Belleza, Angela Yu, Diane Catibog, Goyena Solis, and Jason Laguerta. "Revisiting the Kapwa Theory: Applying Alternative Methodologies and Gaining New Insights." *Philippine Journal of Psychology* 41, no. 2 (2008): 1-32. https://www.researchgate.net/publication/326589382_Revisiting_the_Kapwa_Theory_Applying_Alternative_Methodologies_and_Gaining_New_Insights.

Defend the Catholic Faith. "ANG MABUTING BALITA ARAW-ARAW: "Pagpapaubaya sa Diyos." January 14, 2021. https://www.dcfvanguards.com/ang-mabuting-balita-araw-araw-pagpapaubaya-sa-diyos/.

Foor, Chloe. "Deconstructing Folk Catholicism: Combating Catholic Hegemony during the Philippines' Colonial Era." *The Nonviolence Project,* May 22, 2023. https://thenonviolenceproject.wisc.edu/2023/05/22/deconstructing-folk-catholicism/.

Kierkegaard, Søren. *Fear and Trembling: Dialectical Lyric*. Translated by Alexander Jech. Indianapolis: Hackett Publishing Company, 2024.

Maggay, Melba. *Understanding Ambiguity in Filipino Communication Patterns.* Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1999.

Palatino, Mong. "Churches, Protests, and Policymaking in the Philippines." *The Diplomat,* January 28, 2025. https://thediplomat.com/2025/01/churches-protests-and-policymaking-in-the-philippines/.

Rivera, Roberto, S.J. "Philippine Catholicism as Disruptive Public Religion: A Sociological Analysis of Philippine Catholic Bishops' Statements, 1946 to 2000." *Philippine Sociological Review* 58, (2010): 75-96. https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Sociological%20Review/2010/Philippine%20Catholicism%20as%20Disruptive%20Public%20Religion.pdf.

Roskowski, Matthew. "Absurdity and the Leap of Faith." *MINDS@UW* (2013): 15-23. https://minds.wisconsin.edu/bitstream/handle/1793/66395/RoskowskiMatthew.pdf?sequence=1.

Salcedo, MJ. "'78.8% ng populasyon sa PH ay Katoliko' - PS.," *Balita,* February 23, 2023. https://balita.mb.com.ph/2023/02/23/78-8-ng-populasyon-sa-ph-ay-katoliko-psa/.

Sartre, Jean-Paul. *Being and Nothingness*. Translated by Hazel Barnes. New York: Washington Square Press, 1993.

Wilkinson, Ian and Arthur Kleinman, *Introduction. In A Passion for Society: How We Think about Human Suffering*. Oakland, CA: University of California Press, 2016.